**Presidential Communications Operations Office**
**News and Information Bureau**

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL CHIEF LEGAL COUNSEL AND PRESIDENTIAL SPOKESPERSON SALVADOR 'SAL' PANELO BY PINKY WEBB, CNN PHILIPPINES**
**March 16, 2020 (4:18-4:26 P.M.)**

**WEBB:** Sir, when will this 'Enhanced Community Quarantine in Luzon' be implemented?

**SEC. PANELO:** Effective immediately. You must remember that we have already started the 'Community Quarantine' in National Capital Region, we're just extending it.

**WEBB:** You mean, right now, sir, it's implemented at this moment, at this minute?

**SEC. PANELO:** Yes! But we will have to give allowance to people who will have to go home from their work.

**WEBB:** Okay. So, right now we are already implementing this 'Enhanced Community Quarantine in Luzon'. Here's the thing, Secretary Panelo, please help us understand this.

**SEC. PANELO:** Alright.

**WEBB:** The first is the strict home quarantine for all households. Anong ibig sabihin nito, Sec.? Sa madaling salita, wala pong puwedeng lumabas sa kanilang mga bahay?

**SEC. PANELO:** Unang-una, wala ng—may suspension of work.

**WEBB:** Okay, that's clear. Obviously, may suspension na po ng work.

**SEC. PANELO:** Kaya kung may suspension of work, ano pang ilalabas mo sa bahay, wala ka ng pupuntahan.

**WEBB:** Sir, because—

**SEC. PANELO:** Wala kang kailangan lumabas para pumunta sa trabaho.

**WEBB:** That needs to be clear, sir, because sabi nga—

**SEC. PANELO:** Mayroong exemptions.

**WEBB:** Yeah. Sir—

**SEC. PANELO:** Ang exception doon, iyong mga frontline health workers natin lalabas iyon; iyong mga authorized government officials kung mayroon silang dapat na gawin; exempted din iyong mga for medical reasons or humanitarian reasons; also, the transport of basic necessities.

Pero iyong mga non-essentials, mamamasyal ka lang o kung saan ka lang pupunta, hindi na puwede na iyon.

**WEBB:** Okay. Sec. Panelo, so wala na pong trabaho simula bukas?

**SEC. PANELO:** Yes!

**WEBB:** Lahat, sir?

**SEC. PANELO:** Suspension of work nga eh. Except only kung—hindi, iyong sa government kailangan may skeletal sa mga basic services – skeletal force. Ganoon din kahit iyong sa mga private companies, sila na lang ang gumawa para hindi ma-disrupt iyong operations nila.

**WEBB:** So, are you saying that private companies can have the authority to decide if their employees can—

**SEC. PANELO:** Kung mayroon silang work from home, kung puwede namang gawin sa bahay pero ilang percent lang ba iyong puwede mong gawin sa bahay.

**WEBB:** Iyon na nga eh, Sec. so—

**SEC. PANELO:** Eh, kaya nga eh… Iyon na nga yun ‘di ba? Kumbaga, 90-95% na lang ang suspended ng work.

**WEBB:** Wala na pong trabaho. Siguro just to be clear, wala na pong trabaho, plain and simple. Kung magtatrabaho man po sila, Sec., ay doon sa kanilang bahay, tama po?

**SEC. PANELO:** Oo, sa bahay lang sila.

**WEBB:** Okay, sa bahay lang. Bangko, sir?

**SEC. PANELO:** Kaya—kasi kailangan maintindihan ng taongbayan, Pinky, gaya na nga ng sinabi ni Presidente, ang kalaban po natin—tayo ang mga sundalo pero hindi lang tayo ang sundalo eh, tayo rin ang kalaban. Kalaban natin ang ating mga sarili, puwede tayo ang carrier ng virus.

Kaya ang sinasabi ni Presidente, magsakripisyo muna tayo kasi ang ating ipinagtatanggol eh ang sarili din natin sa ating mga sarili; kasi tayo ang magkakahawaan. Kaya kailangan talagang manatili muna tayo sa ating mga bahay.

**WEBB:** Yeah, I heard you say that a while ago during your press conference. Secretary Panelo, papaano po ang mga bangko?

**SEC. PANELO:** Ang bangko... hindi ako clear sa bangko. Iki-clear ko kay Presidente.

**WEBB:** So, we're not sure about banks?

**SEC. PANELO:** Hindi ako sigurado sa bangko.

**WEBB:** Supermarkets, sir? Iyong mga bukas ngayon, iyon puwede pa rin ho ba?

**SEC. PANELO:** Eh, ngayon dahil bukas pa naman sila eh.

**WEBB:** Tomorrow, sir, are supermarkets and groceries still gonna be allowed to open?

**SEC. PANELO:** Eh, kung effective immediately baka—ikaklaro ko pa kay Presidente. Ikaklaro ko pa iyong portion na iyan.

**WEBB:** Okay. So, hindi pa rin po tayo sure sa banks at saka sa—

**SEC. PANELO:** Teka, sandali huh... sandali huh... teka muna... Sec. Pingkoy, iyong itinatanong nila iyong sa bangko, kasama ba iyon? *[Asking Sec. Duque who is besides him]*

**SEC. DUQUE:** Kasama na tuloy ang bukas but restricted to ATMs.

**SEC. PANELO:** Okay, restricted to ATMs. So, what about iyong supermarkets daw? Bukas ang supermarkets—

**WEBB:** Restricted to ATMs?

**SEC. PANELO:** Yes, ATMs lang. How about iyong palengke?

**SEC. DUQUE:** Iyan ang …

**SEC. PANELO:** Hindi pa natin napapag-usapan; basta iyong supermarket, puwede.

**WEBB:** Ah, bukas ang—

**SEC. PANELO:** Pero restricted din mayroon ding… regulated iyong mga bibilhin.

**SEC. DUQUE:** Iyong social distancing.

**SEC. PANELO:** Oo, at saka may social distancing but—basta ang general doon eh stay at home.

**WEBB:** Yeah, iyon na nga po. So, what's clear is... okay... banks will be closed pero ang ATM—

**SEC. PANELO:** ATMs puwede.

**WEBB:** I wasn't clear on this, sorry, sir, iyong supermarket at groceries I believe you said bukas?

**SEC. PANELO:** Oh, yeah. Iyon ang sinabi ni Secretary Pingkoy, narinig mo kausap ko siya eh.

**WEBB:** Opo, I—

**SEC. PANELO:** Hinila ko siya eh.

**WEBB:** I heard you, sir. Tapos iyong palengke pag-uusapan pa po, iyon po sabi ninyo.

**SEC. PANELO:** Oo, pero hindi namin napag-usapan iyong palengke eh.

**WEBB:** Okay. Sec., so... iyon po iyong strict home quarantine for all households. Number two: office work is suspended. Transportation, sir, suspended din—

**SEC. PANELO:** Oo, ganun kasi wala naman tayong pupuntahan kung wala tayong trabaho, 'di ba? Except only for the exemptions I mentioned.

**WEBB:** Iyon po, iyong mga government officials; for medical reasons; humanitarian reasons and—

**SEC. PANELO:** Correct. Iyon talagang... na kailangan na lumabas tayo.

**WEBB:** So, puwede rin po iyong kunwari po iyong isang tao kailangan pong pumunta po sa supermarket eh iyon po ay pinapayagan naman—papayagan po?

**SEC. PANELO:** Ayan ang ikaklaro ko. Ikaklaro ko muna iyan.

**WEBB:** Okay, we need to be sure on that as well, sir, because—

**SEC. PANELO:** Iklaro natin iyan... iklaro natin.

**WEBB:** Yeah, sir. That needs to be clear because we need to have food in our homes, hindi ho ba?

**SEC. PANELO:** Uhm. Eh, siguro marami nang namili kaya mayroon pa tayong pagkain.

**WEBB:** Yeah… but sir, for how lang?

**SEC. PANELO:** Pero mayroong nakalagay dito na 'the LGUs, with respect to food and essential needs will be delivered by them.' So, ibig sabihin… I think they will have a system wherein iyong mga… siyempre iyong lahat ng mga mayors, lahat ng mga barangay, alam nila iyong mga residents nila, hind ba? Malalaman nila kung sino ang mga nangangailangan ng mga ganitong items at 'pag nalaman na nila iyon, siyempre, may listahan o 'di sila ang mamimili para iyong distribution eh pantay-pantay, lahat puwedeng kumain.

**WEBB:** Hindi ho ba medyo—

**SEC. PANELO:** Kailangan may sistema tayo, hindi naman pupuwedeng papabayaan na lang natin otherwise iyong mga mahihirap eh kawawa naman.

**WEBB:** Yeah, but saying this now, sir, will probably have people run to the grocery and buy as much as they can, hindi ho ba?

**SEC. PANELO:** Well, sa ngayon—alam mo, huwag silang masyadong magproblema sa ano kasi kung bukas naman ang groceries, hindi naman apektado, so, why do you have to rush to them? Eh, bukas naman eh!

**WEBB:** Let's clarify that, sir, because that's really the scene—we also don't want to see that people are rushing, along lines… Do not go there, according to Secretary Panelo and panic buy because these groceries he says—

**SEC. PANELO:** Yeah, will be open.

**WEBB:** —will still remain open.

**SEC. PANELO:** Yeah, they will remain open so, puwede ka pa rin mamili. Regulated lang iyong mga bibilhin mo, hindi naman pupuwedeng ubusin lahat ng items doon.

**WEBB:** Hindi… hindi what, sir? Hindi pupuwedeng ano po?

**SEC. PANELO:** Hindi pupuwedeng, halimbawa bibili ka ng… 'di ba iyong alcohol 'di ba ni-regulate na natin? Ginawa natin dalawa lang ang puwede mong bilhin, iyong dalawang puwedeng ibenta.

**WEBB:** Kailangan para itigil po iyong tinatawag nga na panic buying at hoarding.

**SEC. PANELO:** Yes, correct.

**WEBB:** Sec., are we still expecting the President to speak about this anytime this afternoon?

**SEC. PANELO:** Yes, anytime soon.

**WEBB:** What time, sir?

**SEC. PANELO:** Hindi pa kami tapos sa meeting, immediately after.

**WEBB:** Do you have an approximate, sir? Maybe at six or seven—

**SEC. PANELO:** Hindi… immediately. Hindi natin alam…

**WEBB:** Sir, immediate is relative that's why I'm asking you.

**SEC. PANELO:** Pagkatapos *[LINE CUT]*

**WEBB:** Hello? All right, we lost Secretary Salvador Panelo on the line.

*###*